A. **ANG PAGHAHANDA:**

- ❖ **Ang Sabado (Exodo 35:1-3)**
  - — Matapos masulyapan ang kaluwalhatian ng Dios, ipinahayag ni Moises sa mga tao "kung ano ang inutos ng Dios" (Ex. 35:1, 4). Kabilang sa mgatagubiling ito ang pakikipag-ugnayan nila sa Dios sa panahon (ang Sabado) at sa lugar (ang Tabernakulo).
  - — Itinalaga ng Dios ang Sabado na espesyal na panahon para masiyahan tayo sa Kanyang presensya at mga Nilikha (Gen. 2:1-3; Ex. 20:11), at ipinaalala Niya ito sa Israel bago Niya ipinahayag ang Sampung Utos (Ex. 16:22-29).
  - — Ipinapaalala ng Sabado sa atin na ang Dios ang ating Manlalalang at Manunubos (Deut. 5:15), at dinadala tayo sa hinaharap kung saan magsasaya tayo na kasama Nya magpasa- walang hanggan (Is. 66:22-23).
- ❖ **Ang Malayang Handog (Exodo 35:4-36:7)**
  - — May dalawang paraan upang makabahagi sa Gawain ng Tabernakulo: pagbibigay ng materyales at pagtulong sa mga gawain.
  - — Kinailangan ang mga tagagawa ng sinulid, mananahi, karpentero, mang-uukit, mang-aalahas, atbp.
  - — Lahat ay gusting tumulong na sina Bezaleel, Aholiab, at ilang mga manggagawa ay sinabihan si Moises na patigilin na ang mga tao sa pagdadala ng handog (Ex. 36:3-7).
  - — Upang matapos ang gawaing ito, pinagkalooban ng Banal na Espiritu ang lahat ng mga manggagawa ng kakayahan (Ex. 35:30–36:2). Ganun din, patuloy Nyang binibigyan ng kaloob lahat na nakikipagtulungan sa gawain ng Dios.

B. **ANG TABERNAKULO:**

- ❖ **Ang Pagtatayo (Exodo 36:8-39:43)**
  - — Anong mga elemento ang kailangan para matugunan ang mga tungkulin sa Tabernakulo ng Pagpupulong?
    - o Ang Tabernakulo (Banal at Kabanal-banalang Dako); ang ginintuang arka; ang lamesa ng tinapay; ang kandelero; ang altar ng insenso; ang altar ng handog na sinunog; ang hugasang tanso; ang panlabas na patyo; ang epod; ang bulsa sa dibdib; ang iba pa sa mga damit.
  - — Nang maitayo na, ang Santuaryo (ang Tabernakulo at ang panlabas na patyo) ay tahanan ng dalawang magkaibang paglilingkod: ang araw-araw at ang taunan. Ang iba't-iba nilang mga seremonya, kapag pinagsama, ay nagtuturo sa atin na:
    - o Namumuhi ang Dios sa kasalanan
    - o Nililigtas ng Dios ang makasalanan
    - o Wawasakin ng Dios ang masasama
    - o Sinisiguro ng Dios sa atin ang maluwalhating kinabukasan
  - — Sa pamamagitan ng pang-araw-araw na serbisyo, ipinakita ng Dios ang paraan ng Kanyang pagpapatawad, ng biyaya, sa nagkasala: sa kamatayan ng

inosenteng hayop, “ang Korderong nag-aalis ng kasalanan ng sanlibutan” (Jn. 1:29).

— Sa pamamagitan ng taunang serbisyo (ang Araw ng Pagtubos), ipinakita ng Dios kung paano Nya papawiin ang kasalanan sa uniberso, ipinapakita ang huling solusyon sa problema ng kasamaan (Awit 73:17).

— Ang Santuaryo ay lugar din ng pagsamba sa Dios, pagpuri at pagpapahayag ng pasasalamat sa Kanya.

❖ **Ang Pagtatalaga (Exodo 40:1-38)**

— Ang aklat ng Exodo ay nagtapos sa pagtatalaga ng Santuaryo at mga pari nito. Ang pasimuno sa kabanatang it ay Dioa, na pinuno ang lahat ng maluwalhati Nyang presensya (Ex. 40:34). Ang presensyang ito ay patuloy na sumama sa Tabernakulo sa ulap at sa *Shekinah* (ang nakikitang banal na kaluwalhatian sa pagitan ng mga kerubin sa arka).

— Matapos ang ilang buwan ng trabaho, naitayo ang santuaryo sa unang araw ng unang buwan sa ikalawang taon matapos silang umalis sa Ehipto (Ex. 40:2, 17). Lahat ay nakaayos ng sunod-sunod (arka, kurtina, lamesa, ilaw, ginintuang altar, tansong altar, hugasan), at naitalaga (Ex. 40:9).

— Sa huli, si Aaron at kanyang nga anak ay nakasuot ng kanilang damit pangpari, at pinahiran para sa kanilang misyon (Ex. 40:12-15).

**C. IBA PANG MGA TABERNAKULO:**

❖ **Si Jesus at ang Bagong Jerusalem.**

— Ang Juan 1:14 ay literal na nagsasabing si Jesus ay naging laman at “tumahan” (naging tabernakulo) kasama natin. Sa kanyang pagkatawang-tao, si Jesus, ang walang hanggang Dios, ay natupad ang hangarin Nyang manirahan ng pisikal kasama natin. Siya ay naging Emmanuel, Dios na kasama natin (Mt. 1:23).

— Sa pamamagitan ng Banal na Espiritu, nagpapatuloy ang Dios na manirahan kasama natin ngayon (Mt. 18:20; 1Co. 3:16).

— Ngunit malapit nang dumating ang araw na makakaharap natin ang ating Dios, at maninirahan kasama Nya, sa maharlikang Tabernakulo na Siya mismo ang naghanda para sa atin: ang Bagong Jerusalem (Apoc. 21:3).